7

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin 3

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 7**
**Kuwarter 1: Aralin 3 (para sa Ikatlong Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023- 2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

Manunulat:
- Rachel C. Payapaya ((Philippine Normal University - Mindanao)
- Naomi G. Saligumba

Tagasuri:
- Dr. Joel C. Malabanan (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University Research
Center for Teacher Quality SiMERR
National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

# GAWAING PAMPAGKATUTO NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Awiting-Bayan sa Panahon ng Katutubo | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I.** Bilang ng Gawain: #4 SURI-PANITIKAN (30 minuto)
**II.** Layunin: Nasusuri ang mga awiting-bayan.
**III.** Mga Kailangang Materyales: Papel at panulat
**IV.** Panuto: Suriin ang awiting-bayan. Basahin at unawain ang mga gabay sa pagsusuri.

| **1. Paruparong Bukid** | **2. Dandansoy** |
|---|---|
| Paruparong bukid na lilipad-lipad<br>Sa gitna ng daan, papaga-pagaspas<br>Isang bara ang tapis<br>Isang dangkal ang manggas<br>Ang sayang de-kola<br>isang piyesa ang sayad<br>May payneta pa siya,<br>may suklay pa man din<br>Nagwas-de-ohetes ang palalabasin<br>Haharap sa altar at mananalamin<br>At saka lalakad ng pakendeng-kendeng. | Dandansoy bayaan ta ikaw<br>Pauli ako sa payaw<br>Ugaling kun ikaw hidlawon<br>Ang payaw imo lang lantawon<br>Dandansoy, kon imo apason<br>Bisan tubig di ka magbalon<br>Ugaling kun ikaw uhawon<br>Sa dalan magbubon-bubon<br>Konbento, sa diin ang kura<br>Munisipyo, sa diin hustisya<br>Yari si Dansoy makiha<br>Makiha sa paghigugma<br>Panyo mo, kag kining panyo ko<br>Gisi-gisia kay tambihon ko<br>Ugaling kon magkasilo<br>Bana ta ikaw, asawa mo ako. |
| **3. Bahay-Kubo** | **4. Soliranin** |
| Bahay kubo, kahit munti<br>Ang halaman doon ay sari-sari.<br>Singkamas at talong, sigarilyas at mani<br>Sitaw, bataw, patani.<br>Kundol, patola, upo't kalabasa<br>At saka mayroon pang labanos, mustasa,<br>sibuyas, kamatis, bawang at luya<br>sa paligid-ligid ay puro linga. | Sagwan, tayo'y sumagwan<br>Ang buong kaya'y ibigay.<br>Malakas ang hangin,<br>baka tayo tangayin<br>Pagsagwa'y dapat na pagbutihin. |
| **5. Si Pilemon** | **6. Ili-ili Tulog Anay** |
| Si Pilemon, si Pelimon<br>Namasol sa kadagatan<br>Nakakuha, nakakuha<br>Ug isdang tambasakan<br>Gibaligya, gibaligya<br>Sa merkadong guba<br>Ang halin puros kura<br>Ang halin puros kura<br>Igo rang ipanuba | Ili-ili, tulog anay<br>Wala diri imong nanay<br>Kadto tienda, bakal papay<br>Ili-ili, tulog anay<br>Mata ka na, tabangan mo<br>Ikarga ang nakompra ko<br>Kay bug-at man sing putos ko<br>Tabangan mo ako anay. |

**A**. Pagkilala sa Awiting-Bayan


1. Tukuyin ang pinagmulan o rehiyon kung saan nanggaling ang awit.
2. Alamin ang anyo o *genre* ng awit. (Hal. kundiman, oyayi)

**B**. Pakikinig at Pagbabasa ng Liriko

1. Basahin/pakinggan ang awit nang ilang beses upang maintindihan ang melodiya at damdamin.
2. Suriin ang liriko ng awitin.

**C**. Paglalahad ng Mensahe at Tema

1. Tukuyin ang pangunahing mensahe.
2. Hanapin ang tema o mga temang tinatalakay. (Hal. pag-ibig, pagkakaisa)




**D**. Pagsusuri ng Estruktura

1. Suriin ang bilang ng taludtod, saknong.
2. Alamin kung may repetisyon, ritmo, at ibang elemento ng tula.

**E**. Pagkilala sa Elementong Kultural at Historikal

1. Suriin ang kultura, kasaysayan at tradisyon ng lugar
2. Alamin ang konteksto kung kailan at bakit kinakanta ang awit. (Hal. Panahon ng ani, pagdiriwang, ritwal)

**F**. Pagkilala sa Himig at Instrumentasyon


1. Suriin ang melodiya ng awit. Ito ba ay masaya, malungkot, seryoso o magaan?
2. Alamin anong instrumento ang kalimitang ginagamit sa pag-awit nito.

**G**. Pagbibigay ng Sariling Interpretasyon

1. Ibahagi ang sariling pananaw at damdamin sa awit.
2. Ipaliwanag paano nauunawaan at nararamdaman ang awit batay sa inyong karanasan.

**H**. Paghahambing sa Ibang Awiting-Bayan

1. Ikumpara ang awit sa iba pang awiting-bayan mula sa parehong rehiyon o ibang rehiyon gamit ang *Venn* dayagram.
2. Tukuyin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa tema, mensahe at musika.



**I**. Pagbuo ng Konklusyon

1. Ilahad ang buod ng inyong natuklasan.
2. Ibigay ang pangwakas na opinyon sa halaga ng awit sa kultura at kasaysayan ng bansa.